Pangalan: ___________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Simbolismo at Matatalinghagang Pahayag**

**I. PANUTO:** Basahin ang saknong at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

| |
|---|
| <u>Nalasap ko ang tamis ng katarungan</u><br>Sasamahan mo ba ako sa piging ng kabanalan?<br>Dama ko ang init ng pagtanggap<br>Sasamahan mo ba ako sa nayon ng<br>pagmamahal at pag-ibig? |

1. Anong damdamin ang nangingibabaw sa iyong binasang tula?
   a. nagagalak    b. nagdiriwang    c. nagmamalaki    d. nangangarap

2. Alin ang nasa mas malalim na antas ng salita, paghanga o pag-ibig?
   a. paghanga    b. pag-ibig    c. pantay lamang ang antas    d. wala sa nabanggit

3. Ano ang ibig sabihin ng matalinhagang pahayag na nakasalungguhit sa nabasang saknong?
   a. nakamit ang katarungan
   b. nakipaglaban para sa katarungan
   c. nakamtan ang inaasam na kaligayahan
   d. naranasan ang kahulugan ng tunay na kaligayahan

4. Ano naman ang pakahulugan sa pahayag na nakahilig?
   a. pagsamba sa Panginoon
   b. pagdalo sa pagtitipon ng kabanalan
   c. pagkakaroon ng buhay na may kabanalan
   d. pagiging isa sa relihiyosong naglilingkod sa kabanalan

5. Ano ang sinisimbolo ng “nayon ng pagmamahal at pag-ibig” na nabanggit sa saknong?
   a. isang bansang nagkakaisa
   b. isang bansang may iisang mithiin
   c. isang bansang namamayani ang pagmamahal at pag-ibig
   d. isang bansang mayroong iisang layunin sa pagmamahal at pag-ibig

**II. PANUTO:** Tukuyin ang kahulugan ng mga simbolo sa unang kolum. Piliin ang angkop na pamagat ng tula sa ikalawang kolum. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

| **A** | **B** |
|---|---|
| ____ 1. bandila | a. Trail of History |
| ____ 2. kabanalan ng pagkalahi | b. Sacred Web of Ancestors |
| ____ 3. pananaw ng pag-asa | c. Ancient Song of Star |
| ____ 4. pagbabago | d. In My Vision of Hope |
| ____ 5. sinaunang kasaysayan | e. Color of Change |